CDE Validation Exam Tagalog Reviewer 2023 (100 Questions)

1.) Ilang taon ang maaaring ibigay na lisensya sa isang drayber na mayroong traffic violation?
A. 10 taon na lisensya
B. 5 taon na lisensya
C. 3 taon na lisensya

2.) Kailan maaaring hindi gumamit ng child restraint system ang isang bata?
A. Kung ang bata ay may kapansanang pisikal o mental
B. Kung ang bata ay ayaw umupo sa child restraint system
C. kung ang pamilya ay pupunta sa mall

3.) Saan napupunta ang mga siningil na pera mula sa Motor Vehicle User's Charge (MVUC)?
A. Ang nakolekta na pera ay ginagamit sa pagsasaayos ng kalsada
B. Ang mga nakolektang pera ay magagamit pansahod sa mga enforcers
C. Ang mga nakolektang pera ay para sa pagpapagawa ng mga dike at dam

4.) Maaari bang bigyan ng 10 taon na lisensya ang isang drayber kung ito ay mayroong huli o traffic violation?
A. Hindi
B. Oo
C. Oo kung ang penalty ay nabayaran labinlimang taon bago mag-renew

5.) Maaari ka bang magparada katabi ng isang nakaparadang sasakyan sa loob ng pampublikong kalsada?
A. Hindi
B. Hindi, maliban kung ang may-ari ay pumayag para magparada
C. Hindi, maliban kung pinahintulutan ng traffic enforcer

6.) Ano ang mangyayari kung hindi pumayag ang drayber na magpasuri dahil lumabag siya sa batas na bawal magmaneho ang nakainom ng alak?
A. Pagkaalis ng rehistro ng sasakyan
B. Pagkumpiska sa lisensiya at automatik na rebukasyon
C. Pagsuspende sa lisensiya sa loob ng dalwang taon

7.) Maaaring isuspinde ang rehistro ng sasakyan kung ito ay:
A. kung ang sasakyan ay maayos na nakapasa sa inspeksyon
B. ang sasakyan ay hindi kaaya-aya
C. ang sasakyan ay hindi rehistrado sa nagmamaneho sa oras ng pagkahuli nito

8.) Ang isang fabricated na kompartimento na lagayan sa likod ng upuan ng motorsiklo na itinuturing na isang aksesorya ng motorsiklo:
A. Top Box
B. Customized Top-Box
C. Saddle Bags/Box

9.) Kailan dapat gamitin ng drayber ang kanyang helmet?
A. Sa mahaba o maiksing byahe
B. Para sa mahaba o maigsing biyahe at anumang uri ng kalsada
C. Para sa pangkalahatang kalsada lamang

10.) Ano ang dapat mong gawin upang tumagal ang gamit at kaayusan ng iyong headlight?
A. Linisa ang pedal ng preno nang langis
B. Panatilihing malinis ang mga windshield at salamin
C. Gumamit ng langis para sa windshield at salamin

11.) Kailan maaaring gumamit ng telepono habang nagmamaneho?
A. Tawagan ang kapatid upang isara ang mga pinto bago matulog
B. Tawagan ang mga awtoridad para ipaalam ang sirang traffic light
C. Pagtawag sa mga awtoridad para ireport ang krimen o aksidente

12.) Kailan mo maaaring ipahiram ang iyong lisensya sa pagmamaneho?
A. Sa oras ng emergency
B. Kailanman ay hindi pinahihintulutan

C. Sa mga taong nag-aaral magmaneho

13.) Ang 30-araw na suspensyon ng lisensya sa pagmamaneho ay ipapataw kung:
A. kung ang paglabag sa trapiko ay mabigat
B. kung nabigo ang drayber na bayaran ang kaukulang multa sa loob ng 15 araw
C. kung nabigo ang drayber na bayaran ang kaukulang multa sa loob ng 72 na oras

14.) Kailan ginagamit ang Alcohol Breath Analyzer (ABA)?
A. Kung ipinilit ng enforer na gamitin ang ABA test
B. Kung ang drayber ay bumagsak ng isa sa mga field sobriety test
C. Kung ang drayber ay pumasa sa lahat ng field sobriety test

15.) Sino ang may pananagutan kung ang isang motorsiklo ay ginamit sa krimen?
A. may ari, drayber, backrider
B. Drayber lamang
C. Drayber at sakay nito

16.) Ano ang pinakamasamang mangyayari sa isang away kalsada?
A. kamatayan
B. Mas maraming kaibigan
C. Refreshment

17.) Anong klaseng helmet ang dapat gamitin ng rider ng motorsiklo?
A. Standard motorcycle helmet na sumunod sa regulasyon ng DTI
B. Standard motorcycle helmet na sumunod sa panuntunan ng DENR
C. Standard motorcycle helmet na naaayon sa panuntunan ng DTI

18.) Saan mo maaaring ireklamo o i-contest ang pagkakahuli sa iyo?
A. Sa tanggapan ng adyudikasyon
B. Sa kalsada, bago umalis ang enforcer
C. Sa alin mang tanggapan ng adyudikasyon

19.) Kung huminto ka sa interseksiyon, anong kulay ng ilaw trapiko maaari kang gumamit ng telepono?
A. Wala, ang paggamit ng cellphone ay ipinagbabawal kahit nakahinto ang sasakyan sa isang interseksyon
B. Pula, upang walang madistorbo
C. Dilaw, upang ang pagtex ay humaba

20.) Maaari bang pahintulutan ng drayber ang siklista na sumabit sa kanyang sasakyan?
A. Hindi, lalo at walang permiso sa traffic enforcer
B. Hindi, maaaring magka-aksidente
C. Hindi

21.) Kailan maaaring mag-overtake sa kanan ng maingat sa isang sasakyan sa matataong lugar?
A. Kung ang ilaw trapiko ay malapit ng maging kulay pula
B. kung ang kalsada ay may dalawa o higit pa patungo sa iisang direksiyon
C. Ang pag-overtake sa matataomg lugar ay bawal

22.) Anong kulay ng ilaw ang maaaring idagdag sa harap ng sasakyan?
A. kahit anong kulay ay maaari
B. Pula
C. Puti o Dilawang puti

23.) Ang iyong lisensya ay nag-expired na. Pinapahintulutan ka pa bang magmaneho sa pinakamalapit na LTO upang i-renew ang iyong lisensya?
A. Oo, basta sumunod ka sa batas trapiko.
B. Hindi
C. Oo, basta dumiretso ka sa pinakamalapit na tanggapan ng LTO at huwag hihinto sa daan,

24.) Sa normal na traffic violation, sino ang maaaring kumumpiska ng lisensya?
A. Ang mga ahente o enforcer lamang na itinalaga ng LTO
B. Kahit sino, basta ang paglabag ay nakapaloob sa R.A. No. 4136
C. Kahit sino, basta ang enforcer ay permanenteng empleyado ng gobyerno

25.) Ano ang maaaring ibigay na klasipikasyon ng lisensya sa mga bagong aplikante nito?
A. Professional Driver's License
B. Non professional driver's license
C. Kahit alin sa dalawa

26.) Maaari bang gamitin ang isang child restraint system kung ito ay expired na kahit maayos pa ang kondisyon?
A. Oo
B. Hindi
C. Oo, basta't ito ay pinapayagan ng traffic enforcer

27.) Ayon sa Children's Safety on Motorcycles Act, ang isang batang wala pang 18 taong gulang ay hindi maaaring sumakay ng motorsiklo sa mga pampublikong kalsada maliban kung:
A. Ang bata ay komportable na maabot nang kanyang mga paa ang foot peg ng motorsiklo, ang kanyang mga kamay ay maaaring masalikop ang katawan ng drayber, at siya ay may suot na karaniwang proteksiyon na helmet.
B. Nasa maraming mga sasakyang mabibilis o ang pinataw na pinakamabilis na takbo ay lagpas sa 60 kph.
C. Ang drayber ay pwedeng mayakap ang baywang ng batang nakaupo sa harapan ng drayber at ang bata ay nakasuot ng karaniwang helmet.

28.) Ang paggamit ba ng cellphone ay bawal habang nagmamaneho?
A. Oo, kung ang drayber ay hindi naiparehistro ang telepono sa LTO
B. Oo, kung ang drayber ay gumagamit ng wireless na gadget
C. Oo, kung ang drayber ay hindi gumagamit ng wireless na pandinig at mikropono na gadget

29.) Ano ang maaaring ipataw na paglabag kung ang isang drayber ay nakapasa sa field sobriety test?
A. pagwalang bahala sa senyas trapiko
B. pagmamaneho ng lasing
C. inisyal na traffic violation

30.) Ano ang taas ng isang bata upang ito ay hindi na kailangang gumamit ng child restraint system?
A. 100 sentimetro pataas
B. 150 sentimetro pataas
C. 180 sentimetro pataas

31.) Saan ka maaaring manatili kung nagmamaneho sa expressway na may dalawang daan patungo sa isang direksyon?
A. Sa kanang lane ng kalsada
B. Sa kaliwang lane ng kalsada
C. Sa gitna ng kalsada

32.) Alin sa mga ito ang layunin ng pagkolekta ng Motor Vehicle User's Chrage (MVUC)
A. Dagdag pondo para sa mga nagbabantay sa weighing scale
B. Para pondohan ang sahod ng mga traffic enforcers
C. Para pondohan at maiwasan ang pagkasira ng mga kalsada

33.) Ilang oras maaaring gamitin ang Temporary Operator's Permit (TOP) sa pagmamaneho?
A. 72 oras
B. Apatnapu't walong oras
C. Dalawamput apat na oras

34.) Ilang taon ang maaaring ibigay na lisenysa sa isang drayber na walang traffic violation?
A. 5 taon na lisensya
B. 10 taon na lisensya
C. 15 taon na lisensya

35.) Sa pangkaraniwan, anong sasakyan ang maaaring gumamit ng pangatlong linya ng expressway?
A. Sa overtaking lamang
B. Mga kotse lamang
C. Para sa mga trucks at buses

36.) Kailan maaaring mag-overtake sa kanan ng maingat sa isang sasakyan sa matataong lugar?
A. Kung ang ilaw trapiko ay malapit ng maging kulay pula

B. kung ang kalsada ay may dalawa o higit pa patungo sa iisang direksiyon
C. Ang pag-overtake sa matataomg lugar ay bawal

37.) Saan dapat ilagay o ikabit ang plaka ng motorsiklo?
A. Sa tangke ng gasolina ng motorsiklo
B. Sa likuran ng motorsiklo
C. Sa takip ng tangke ng motorsiklo

38.) Ano ang dapat ilagay ng isang drayber sa dulo ng kargamento na sumobra ng isang metro ang haba sa kanyang sasakyan?
A. makintab na kulay itim na bandera o sako
B. red flag measuring at least 30cms x 30cms
C. Wala

39.) Maaari ka bang magmaneho ng motorsiklo kung ang iyong lisensya ay may DL Code B ?
A. Oo
B. Hindi, maliban kung pinahintulutan ng traffic enforcer
C. Hindi

40.) Ano ang maaaring mangyari kung ang isang drayber ay hindi malampasan ang stress o tensyon?
A. tamang paglipat ng lane o pwesto
B. Maayos na pagpreno
C. Away sa kalsada

41.) Ano ang tamang edad upang magkaroon ng lisensya?
A. 16 na taon
B. 17 na taon
C. dalawampong taon

42.) Saan ka hindi maaaring gumamit ng busina?
A. Sa harap ng ospital o klinika
B. Kung ang isang sasakyan ay hindi nagpasalamat sa pagbibigay mo ng daan
C. Ang pagbusina ay puwede kahit saan at anumang oras

43.) Anong edad maaaring sumakay sa harapan ang isang bata na naaayon sa RA 11229?
A. 13 taong gulang pataas
B. 16 na taon pataas
C. 18 na taon pataas

44.) Ilang taon ang maaaring ibigay na lisensya sa isang drayber na walang traffic violation?
A. 5 taon na lisensya
B. 10 taon na lisensya
C. 15 taon na lisensya

45.) Ano ang mga kailangan para sa pagpaparehistro ng sasakyan?
A. Anti-carnapping clearance
B. Inspeksiyon ng sasakyan at emission test sa LTO
C. District Traffic Enforcement Clearance

46.) Ano ang layunin ng rumble strips sa kalsada?
A. Huminto agad at maghintay ng go signal pagkarating sa interseksyon
B. Para malaman ang speed parating sa obstruction o intersection
C. Para mas agresibo

47.) Ano ang dapat mong gawin paglapit sa kumikislap na dilaw na ilaw trapiko?
A. magpatuloy nang may pag-iingat
B. magpatuloy sa pinapayagang maximum na bilis
C. huminto at humingi ng tulong

48.) Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo?
A. Ang isang may hawak ng DL na may awtoridad na magmaneho ng manual transmission (MT) ay hindi pinapayagan na magmaneho ng mga sasakyan na automatik transmission (AT)

B. Ang drayber na may hawak na lisensya para sa automatik na sasakyan ay pwedeng magmaneho ng sasakyang manwal.
C. Ang drayber na may hawak ng lisensya para sa manual transmission ay maaaring magmaneho ng may automatik na transmission

49.) Maaari bang gamitin ang duplicate o kopya ng lisenya sa pagmamaneho?
A. hindi, maliban kung pinayagan ng traffic enforcer
B. Oo, kung ang duplikadong kopya ay katulad mismo ng kulay ng orihinal
C. Hindi

50.) Sino ang di-sakop sa ilalim ng Republic Act No. 10666 o Children's Safety on Motorcycle Act?
A. Mga batang papasok sa paaralan
B. Mga batang nangangailangan ng agarang atensyong medikal
C. Lahat ng nabanggit

51.) Ano ang dapat gawin ng isang law enforcer kung makumpiska ang isang motorsiklo?
A. Gamitin ang motorsiklo pansamantala
B. I-surrender ang motorsiklo sa awtoridad
C. Dalhin ang motorsiklo sa pinakamalapit na impounding area

52.) Sa normal na traffic violation, sino ang maaaring kumumpiska ng lisensya?
A. Ang mga ahente o enforcer lamang na itinalaga ng LTO
B. Kahit sino, basta ang paglabag ay nakapaloob sa R.A. No. 4136
C. Kahit sino, basta ang enforcer ay permanenteng empleyado ng gobyerno

53.) Ano ang dapat na kulay ng ilaw ng preno?
A. puti
B. kumikinang na pula
C. Dilaw

54.) Anong mga sasakyan ang nasasakop ng Motor Vehicle User's Charge (MVUC)
A. Lahat ng mga sasakyan na nakarehistro sa DPWH at LTO
B. Lahat ng mga sasakyang nakarehistro sa LTO
C. Lahat ng mga sasakyang tumatakbo sa mga pribadong kakalsadahan

55.) Ano ang dapat gawin ng isang drayber kung hindi nya maitabi ang sasakyan at may mabilis na paparating na ambulansya?
A. Bumusina at kumaway sa ibang motorista na tumuloy
B. Magpatuloy sa parehong bilis ng takbo
C. Manatili sa lane at huminto kaagad

56.) Maaaring isuspinde ang rehistro ng sasakayan kung ito ay:
A. kung ang sasakyan ay masyadong magaan upang makatawid sa mga pampublikong daan
B. ang sasakyan ay hindi pangharap na pagmamaneho
C. ang sasakyan ay makakasira sa pampublikong kalsada

57.) Ano ang mga pagsusuri na ginagawa upang malaman kung positibo sa alak ang isang drayber?
A. Pag tsek sa mata, pag lakad at pagtayo sa isang paa
B. pagtsek sa mata, diretsong pagtakbo, luksong lundag
C. Pagbabasa, pag-awit sa lupang hinirang at pag-inom ng isang litrong tubig

58.) Habang nagmamaneho, dapat kang tumingin sa side at rear view mirror nang:
A. Mabilis/Madalian
B. Hanggang gusto mo
C. Hindi kukulangin sa isang minuto

59.) Bago umalis sa paradahan, dapat mong:
A. Suriin ang paligid bago magpatakbo
B. Bumusina
C. Magpatakbo kaagad

60.) Ang sasakyan ay nakaparada (parked) kung:

A. Nakatigil nang matagal at nagsasakay ng pasahero
B. Nakatigil nang matagal at nagbababa ng pasahero
C. Nakatigil nang matagal at patay ang makina

61.) Anong dapat gawin bago lumiko sa kanan o kaliwa?
A. Biglang lumiko at bumusina
B. Magbigay ng hudyat o senyas na hindi kukulangin sa 30 metro ang layo
C.Ipagwalang-bahala ang hudyat

62.) Sa paglipat-lipat ng linya, dapat kang sumenyas, tingnan ang rear view mirror at:
A. Tingnan kung may paparating na sasakyan
B. Bumusina
C. Sindihan ang headlight

63.) Sa highway na may dalawang guhit, maaari kang lumusot (mag-overtake) kung sa iyong panig ay:
A. Tuluy-tuloy na puting guhit
B. Putul-putol na dilaw na guhit
C. Tuluy-tuloy na dilaw na guhit

64.) Ang hindi pagsunod sa ilaw trapiko ay:
A. Nagpapatunay na mahusay kang drayber
B. Maaaring ikaw ay masangkot sa aksidente
C. Nakakatipid sa gasolina

65.) Mapanganib ang palikong kaliwa kaysa sa kanan sapagkat:
A. Mabilis ang sasakyang galing sa kaliwa
B. Kailangang maging listo sa mga sasakyang nagmumula sa kaliwa o kanan
C. Maraming linya ang kalsada

66.) Ang pinakaligtas sa ultimatum kahit may karapatan sa daan ay:
A. Huwag ipilit ang karapatan
B. Bumusina
C. Laging ipilit ang karapatan

67.) Sa rotonda, alin ang may karapatan sa daan?
A. Ang sasakyang papasok pa lamang sa rotonda
B. Ang sasakyang nasa paligid ng rotonda
C. Ang sasakyang nakaharap sa berdeng ilaw

68.) Hindi dapat lumusot (mag-overtake) sa paanan ng tulay sapagkat:
A. May tumatawid
B. Hindi nakikita ang kasalubong na sasakyan
C. Makipot ang daan

69.) Ano ang kahulugan ng patay-sinding dilaw na trapiko?
A. Magmarahan at magpatuloy kung walang panganib
B. Huminto at hintaying magbago ang ilaw
C. Hintayin ang berdeng ilaw

70.) Ano ang kahulugan ng tuloy-tuloy na guhit na kulay dilaw?
A. Maaaring lumusot (mag-overtake)
B. Bawal lumusot
C. Tama lahat ang sagot

71.) Ayon sa batas, hindi ka maaaring magmaneho ng matulin, maliban kung:
A. Walang panganib
B. Naaayon sa takdang bilis o tulin ang pagpapatakbo
C. Tama lahat ang sagot

72.) Ikaw ay nagmamaneho sa municipal road na may bilis na 80kph, nang biglang may isang bata na tumawid sa kalsada, Ano ang dapat mong gawin?
A. Mag-"neutral"

B. Umiwas pakaliwa
C. Tapakan ang brake

73.) Sa interseksyon, ano ang iyong gagawin kung may sumusunod sa iyong sasakyang pang-emergency?
A. Huminto sa gitna ng interseksyon
B. Wag magbigay ng daan
C. Tumawid sa interseksiyon muna bago magbigay daan

74.) Saan ka hindi maaaring gumamit ng busina?
A. Sa harap ng kampo ng militar
B. Sa harap ng istasyon ng pulis
C. Sa harap ng ospital o klinika

75.) Kung ang nakasalubong mo ay may nakakasilaw na ilaw, ano ang dapat mong gawin?
A. Silawin din ang nakasalubong upang magbaba ng ilaw
B. Tumingin ng bahagya sa gawing kanan ng kalsada
C. Titigan ang nakakasilaw na ilaw

76.) Kung parating ka sa isang kurbada, ano ang dapat mong gawin?
A. Magmarahan/bagalan ang takbo bago dumating sa kurbada
B. Bilisan ang takbo habang nasa kurbada
C. Magpreno nang bigla habang tumatakbo sa kurbada

77.) Ano ang ibig sabihin ng berdeng palaso na signal trapiko?
A. Hindi pinapayagan ang pagpasok sa interseksyon na itinuturo ng palaso
B. Nagpapahintulot sa mga sasakyan na kumaliwa o kumanan
C. Nagpapahintulot sa pagtawid ng mga taong tatawid

78.) Ano ang pangunahing layunin ng regular na pag inspeksyon ng isang sasakyan?
A. Upang maiwasang mahuli ng enforcer
B. Para tignan kung kaya pa tumakbo ng mabilis ang sasakyan
C. Para tingnan ang kaayusan ng sasakyan

79.) Kung ang drayber ng sasakyan na nasa unahan mo ay naglabas ng kaliwang kamay at inunat ito paitaas, nakakatiyak ka na siya ay:
A. Kakaliwa
B. Kakanan
C. Hihinto

80.) Sa naka-motorsiklo na may balak lumiko pakanan, ang dapat gamitin na senyas ay:
A. Kaliwang kamay na nakataas
B. Kanang kamay na diretsong nagtuturo pakanan
C. Kanang kamay na nakataas

81.) Ang kailangang distansya sa pagitan ng sinusundang sasakyan ay:
A. Sinlaki ng sukat ng dalawang sasakyan
B. Sinlaki ng sukat ng isang sasakyan
C. Sinlaki ng sukat ng tatlong sasakyan

82.) Ano ang dapat gawin kung pinahihinto ng pulis?
A. Huminto at ibigay ang lisensya at ibang papeles ng sasakyan kung hinihingi
B. Huwag pansinin ang pulis at bilisan ang pagpapatakbo
C. Huminto at makipagtalo sa pulis

83.) Kung ang drayber ng sasakyan na nasa unahan mo ay naglabas ng kaliwang kamay na nakaturo sa kaliwa, siya ay:
A. Kakanan
B. Hihinto
C. Kakaliwa

84.) Kung umilaw ang “brake lights” ng sasakyang nasa unahan mo, dapat kang:
A. Bumusina

B. Humanda sa pagpreno
C. Lumiko sa kanan o kaliwa

85.) Ang isang drayber ay itinuturing na Professional kung:
A. Kaya niyang magmaneho ng kahit anong uri ng sasakyan
B. Siya ay inuupahan o binabayaran sa pagmamaneho ng sasakyang pribado o pampasahero
C. Siya ay bihasa na sa pagmamaneho

86.) Sa isang sangandaan/interseksyon na walang senyas trapiko, dalawang sasakyan ang dumarating sa magkabilang kalye, aling sasakyan ang dapat magbigay?
A. Ang unang dumating
B. Ang unang nagmarahan
C. Ang huling dumating

87.) Kung ang drayber ng sasakyang nasa iyong unahan ay naglabas ng kaniyang kaliwang kamay at itinuro ito sa lupa, siya ay:
A. Hihinto
B. Kakanan
C. Kakaliwa

88.) Ano ang dapat gawin ng isang drayber kung ang lisensya niya ay nawala?
A. Mag-apply ng duplicate license
B. Mag-apply ng panibagong lisensya
C. Mag-file ng affidavit of loss at mag-apply ng duplicate license

89.) Sa isang sangandaan/interseksyon na walang nakatalagang senyas trapiko, dalawang sasakyan ang dumarating, aling sasakyan ang may karapatan sa daan?
A. Ang sasakyang galing sa kanan
B. Ang sasakyang unang nagmarahan
C. Ang sasakyang galing sa kaliwa

90.) Ano ang kahulugan ng palasong nakapinta sa kalsada?
A. Sundin ang direksyong itinuturo ng palaso
B. Magmarahan
C. Maaaring lumipat ng linya

91.) Ang pinakaligtas na tulin ng isang sasakyan ay naaayon sa:
A. Kondisyon ng kalsada at panahon
B. Kakayahan ng sasakyan
C. Kakayahang magmaneho ng drayber

92.) Kung ang drayber ng sasakyan na nasa unahan mo ay naglabas ng kaliwang kamay na nakaturo sa kaliwa, siya ay:
A. Kakanan
B. Hihinto
C. Kakaliwa

93.) Kailan ka maaaring magsakay ng pasahero sa isang pook tawiran?
A. Kung walang nagbabantay na pulis o enforcer
B. Kung ang pasahero ay matanda o may kapansanan
C. Ang pagsakay at pagbaba ng mga pasahero sa pook tawiran ay kailanman hindi pinahihintulutan

94.) Ano ang dapat mong gawin pagkatapos mag-park at bago bumaba ng sasakyan?
A. Lahat ng nabanggit
B. I-switch ang parking brake
C. Ilagay sa "neutral" ang sasakyan

95.) Ilang pulgada maaaring maglagay ng telephono mula sa dashboard ng sasakyan?
A. Limang pulgada
B. Apat na pulgada
C. Anim na pulgada

96.) Alin sa mga sumusunod ang madalas na dahilan ng stress o tensyon?
A. Mabagal na daloy ng trapiko at hindi maayos na kalsada
B. Mga nakakainis na bumubuntot na motorista at biglaang paghinto ng sasakyan sa harapan
C. Lahat ng nabanggit

97.) Ang paggamit ng huwad (fake) na lisensya ay ipinagbabawal at may parusang:
A. Php 1,500.00 at anim na buwan na hindi makakakuha ng lisensya
B. Pagkabilanggo nang hindi hihigit sa anim na buwan
C. Php 300.00

98.) Maaari kang lumusot (mag-overtake) sa kanang bahagi ng sasakyan kung:
A. Ang highway ay may dalawa o higit pang linya patungo sa isang direksyon
B. Ang kalsada ay salubungang-daan (two-way)
C. Malapad ang bangketa

99.) Ang lisensyang Non-Professional ay para lamang sa:
A. Mga pribadong sasakyan
B. Pampasaherong sasakyan
C. Anumang uri ng sasakyan

100.) Ano ang kahulugan ng senyas trapiko na kulay asul at puti na parihaba o parisukat ang hugis?
A. Nag-uutos ng direksyon
B. Nagbibigay babala
C. Nagbibigay impormasyon/kaalaman